

GRADE 2

# Leveled Reader
## in Filipino


# Ang Bagong Kapitbahay



Kuwento nina Ani Rosa Almario
at Yvette Tan
Guhit ni Rea Diwata Mendoza



Walang nakatira sa bahay sa tapat namin. Matagal nang walang nakatira roon. Pero ngayong araw, may dumating na bagong kapitbahay.



Isang matangkad at payat na lalaki ang aming bagong kapitbahay. May suot siyang mataas at itim na sombrero.



“Magandang umaga po,”
bati ko sa bago naming
kapitbahay.
“Ako po si Pipo. Nakatira po
kami sa bahay sa tapat.”



"Kumusta ka, Pipo?" ang tanong ng bago naming kapitbahay.
"Ako si Ginoong Cruz," sabi niya sa akin at kinamayan niya ako ...




At biglang may
hawak-hawak na akong mga
bulaklak!
“Natutuwa po akong
nakalipat na kayo. Matagal
na pong walang nangyayaring
bago sa amin,” sabi ko.



Ngumiti muli si Ginoong
Cruz at tinanggal niya ang
suot niyang sombrero ...



Isang puting kalapati ang lumabas dito!
"Wow!" napasigaw ako sa tuwa. Lumaki ang mga mata ko nang makita kong ...



May makukulay na panyong lumalabas sa kaniyang manggas! Kakaiba ang aming bagong kapitbahay! Naghahanap kaya siya ng *assistant*?

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE